# ESTADO NG ALASKA

## PAMPLET NG BOTANTE PARA SA PRIMARYANG ELEKSYON



PRIMARYANG ELEKSYON
AGOSTO 22, 2006

# BUMOTO!

Ito'y inyong karapatan.
Ito'y inyong responsibilidad!

DIBISYON NG MGA ELEKSYON

# Listahan ng mga Nilalaman

## Ang Araw ng Primaryang Eleksyon ay Martes, Agosto 22, 2006


Pambungad na Sulat.................................................................. 3
Mapa ng mga Botohang Pangdistrito............................................... 4
Pagboto sa Touch Screen............................................................. 5
Primaryang Eleksyon - Mga Pagpipilian sa Balota............................. 6
Halimbawang Balota.................................................................. 7
Panukalang-batas 1 sa Balota...................................................... 8
Panukalang-batas 2 sa Balota...................................................... 12
Impormasyon Tungkol sa Pagboto nang Absentee............................ 21
Mga Karapatan ng Botante/Tulong Sa Panahon ng Pagboto............... 22
Pag-unawa sa Ballot Rotation...................................................... 23


**TULUNGAN ANG INYONG KOMUNIDAD!**
**MAGING ISANG OPISYAL NG ELEKSYON**

**IMPORTANTE BA SA INYO ANG MGA ELEKSYON NA MALINIS AT WALANG-PALYO?**

MAKAKATULONG KAYONG PROTEKTAHAN ANG MGA KARAPATAN NG MGA BOTANTE, PAGLINGKURAN ANG INYONG KOMUNIDAD, **AT BINABAYARAN KAYO SA PAGGAWA NITO.**

Ang mga pangrehyong superbisor para sa eleksyon sa aming apat na pangrehyong tanggapan ay humihirang ng mga opisyal ng eleksyon para sa bawat eleksyong pinangangasiwaan ng estado.

**Kontakin ang tanggapan ng mga eleksyon na pinakamalapit sa inyo kung interestado kayong maglingkod bilang isang opisyal ng eleksyon.**
(Nasa likod na pabalat nitong publikasyon ang lokasyon ng mga tanggapan)


**Ang publikasyong ito ay ginawa ng Dibisyon ng mga Eleksyon, nilimbag sa halagang $.21 bawat kopya upang ipagbigay-alam sa mga botante ng Alaska ang tungkol sa mga isyu na makikita sa Balota ng 2006 na Primaryang Eleksyon alinsunod sa AS 15.58.010 at nilimbag sa Anchorage, Alaska**

State Capitol
Juneau, Alaska 99801
907.465.3520 465.5400 FAX
www.ltgov.state.ak.us

550 West 7th Ave, Suite 1700
Anchorage, Alaska 99501
907.269.7460 269.0263 FAX
Lt_Governor@gov.state.ak.us

# Pangalawang Gobernador Loren Leman

Agosto 2006

Sa Kagalang-galang na Botante ng Alaska:

Ang Dibisyon ng mga Eleksyon at ako ay nasisiyahang ipagkaloob sa inyo ang *Pamplet ng Botante para sa 2006 na Primarya*, ang inyong gabay para sa Primaryang Eleksyon sa Agosto. Inaasahan kong makatutulong ito sa inyong paghahandang bumoto.

Malamang na ang pinakamahalagang prinsipyo sa konstitusyon ng ating estado ay ang Declaration of Rights [Paghahayag ng mga Karapatan], Article 1, Section 2:

> *Likas sa mga taong-bayan ang lahat ng kapangyarihan sa pulitika. Ang lahat ng pamahalaan ay mula sa taong-bayan, binuo sa pamamagitan lamang ng kanilang kagustuhan, at itinatag lamang para sa kabutihan ng lahat ng taong-bayan.*


Laging nananatili sa mga tunay na may-ari ang unang at huling salita—hindi sa mga burukrasya, hindi sa mga hukuman—ngunit sa taong-bayan. Ang pinakamabuting paraan para tiyaking kayo ang may hawak ng salitang iyon ay gamitin ang inyong karapatang bumoto.

Sa Alaska, maraming labanan ang napagpasyahan sa pamamagitan ng mga iilang boto lamang. Nakakatulong ang isang boto at patuloy itong makakatulong. Maaaring ang boto ninyo ang makakatulong. Inaasahan kong gagamitin ninyo ang inyong karapatang hubugin kung anong klase ng ating mga pamahalaan at kung sino ang mga lider natin, sa pagboto sa Agosto 22.


Sumasainyo,

Loren Leman
Pangalawang Gobernador

# Estado ng Alaska
# Dibisyon ng mga Eleksyon
## Binagong Pangwakas na Plano para sa Redistricting [Binabago ang mga bumubuo ng Distrito]
## Abril 25, 2002



# ANG BAGONG TOUCH SCREEN VOTING MACHINE NG ALASKA



Sa pamamagitan ng pondo mula sa Help America Vote Act (HAVA) [Batas para Tulungan ang Amerika na Bumoto] ng Pamahalaang Pederal, ang Alaska ay bumili ng touch screen machine para sa bawat 434 na presinto ng Estado, na gagamitin sa 2006 na Primaryang Eleksyon. Pinahihintulutan ng mga touch screen machine ang mga botanteng may kapansanan na makaboto nang mag-isa at hindi tinutulungan ng iba. Magagamit ang mga touch screen machine ng kahit sinong botante na gustong gamitin ang mga ito sa pagboto; gayon pa man, pauunahin muna ang mga taong may kapansanan sa paggamit ng mga ito. Natutulungan ng mga touch screen machine ang mga botanteng masama ang paningin at ang mga bulag at pati rin yaong mga may kahirapan sa pagkilos.

Ang botante ay bumoboto sa isang balotang electronic, at mapatutunayan ang kanyang binoto sa pamamagitan ng papel na mula sa touch screen. Itong papel na print out ay kinukuha sa likod ng screen at tinuturing na isang opisyal na balota kung sakaling kailangang bilanging muli ang mga boto o kung sakaling magkaroon ng audit.

**ILANG MGA KATANUNGAN AT MGA SAGOT TUNGKOL SA TOUCH SCREEN VOTING MACHINE:**

**T: Paano makaboboto nang hindi tinutulungan ng iba ang mga botante na masama ang paningin o may kapansanan?**
S: Ang mga touch screen machine ay magagamit sa maraming ibat-ibang paraan para tulungan ang mga taong may ibat-ibang kapansanan, at naghahandog ng mga balotang nasa malalaking titik, high-contrast at ng mga balotang naririnig-lamang. Pwedeng bumoto sa mga balotang nakikita sa touch screen na ginagamit ang "pointer sticks" para sa mga taong limitado ang paggamit ng kanilang mga kamay o braso o hindi nagagamit ang mga ito.

**T: Ano ang nakaimbak sa access card ng botante?**
S: Ang access card ng botante ay nagtataglay ng impormasyon ng balota na binabasa ng touch screen machine at pinapakita sa botante. Ang access card ng botante ay nagtataglay lamang ng impormasyon ng balota, hindi mga resulta, at hindi magagamit pagkatapos gamitin sa pagboto hanggang ito ay kargahang muli ng impormasyon ng isang tauhan sa botohan. Hindi ito nagtataglay ng impormasyon tungkol sa botante o kung ano ang kanyang binoto.

**T: Paano kinakargahan ng impormasyon ang access card ng botante?**
S: Ang access card ng botante ay kinakaragahan ng impormsyon ng mga tauhan sa botohan na ginagamit ang isang aparatong tinatawag na encoder na mukhang isang maliit na calculator at nagtataglay ng impormasyon ng balota mula sa Dibisyon ng mga Eleksyon.

**T: Pwede bang gamitin nang dalawang beses ang access card ng botante?**
S: Hindi. Kapag tapos nang bumoto ang botante, ang access card ng botante ay kailangang kargahang muli ng impormasyon ng isang tauhan sa botohan bago ito gamiting muli ng ibang botante.

**T: Paano ililipat ang mga balotang papel pagkatapos ng eleksyon?**
S: Pagkatapos bumoto ng mga botante, tinitipon ang mga papel na pinagtalaan ng boto sa isang security canister sa loob ng printer module ng touch screen. Kapag tapos na ang botohan, pag-iingatan ang mga balota at tatratuhin tulad ng pagtrato sa mga balotang papel.

**Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang tanggapan ng eleksyon sa inyong lugar o tingnan ang Website ng Dibisyon ng mga Eleksyon sa: http://www.elections.state.ak.us**

# Primaryang Eleksyon – Mga Balotang Pagpipilian

Tatlong klase ang mga balota:

| Klase ng Balota | Mga Partidong Pampulitika |
|---|---|
| **Pinagsama** na kasama ang mga Balota sa Panukalang-batas | Alaska Democratic Party<br>Alaska Libertarian Party<br>Alaskan Independence Party<br>Green Party of Alaska |
| **Republican** na kasama ang mga Balota sa Panukalang-batas | Alaska Republican Party |
| **Mga Panukalang-batas Lamang** | Walang mga kandidato<br>*Ang balotang ito ay para sa mga botante na walang gustong ibotong kandidato.* |

Ang klase ng balota na karapat-dapat ninyong pagbotahan ay batay sa kung sa anong partidong kasapi kayo ang nakarehistro sa presinto.

<u>ISANG</u> KLASENG BALOTA LAMANG ANG PWEDE NINYONG PAGBOTOHAN

| Kung kayo ay nakarehistrong kasapi sa partidong: | Sa ibaba ang balota na karapat-dapat ninyong pagbotohan: |
|---|---|
| A – Alaskan Independence Party | Pinagsama **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| D – Alaska Democratic Party | Pinagsama **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| G – Green Party of Alaska | Pinagsama **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| L – Alaska Libertarian Party | Pinagsama **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| M – Republican Moderate Party | Pinagsama **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| R – Alaska Republican Party | Pinagsama **O** Republican **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| N – Walang partido | Pinagsama **O** Republican **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| O – Iba pa | Pinagsama **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| U – Walang pinahahayag na partido | Pinagsama **O** Republican **O** Mga Panukalang-batas Lamang |
| V – Veterans Party of Alaska | Pinagsama **O** Mga Panukalang-batas Lamang |

**Dapat kayong bumoto sa isang questioned ballot kung gusto ninyong bumoto sa balota ng partidong pampulitika na naiiba sa ipinapakitang nakarehistro sa presinto na karapat-dapat ninyong pagbotahan.**

**Pwede ninyong hilingin ang mga Balota sa Panukalang-batas Lamang kung ayaw ninyong bumoto sa mga kandidato ng alinmang partidong pampulitika.**

# Halimbawang Balota

STATE OF ALASKA
PRIMARY ELECTION
AUGUST 22, 2006

OFFICIAL XXXX PARTY BALLOT

Completely fill in the oval ⬬ opposite the name of each candidate or question for whom you wish to vote.

SAMPLE

| UNITED STATES REPRESENTATIVE (vote for one) | |
|---|---|
| ( ) US REPRESENTATIVE CANDIDATE | XXXX |

| STATE REPRESENTATIVE DISTRICT XX (vote for one) | |
|---|---|
| ( ) STATE REPRESENTATIVE CANDIDATE | XXXX |

| GOVERNOR (vote for one) | |
|---|---|
| ( ) GOVERNOR CANDIDATE | XXXX |

| BALLOT MEASURE NO. 1<br>Campaign Contribution Limits, Lobbying and Disclosure<br>03DISC |
|---|
| ( ) YES |
| ( ) NO |

| LIEUTENANT GOVERNOR (vote for one) | |
|---|---|
| ( ) LT GOVERNOR CANDIDATE | XXXX |

| BALLOT MEASURE NO. 2<br>Cruise Ship Taxation, Regulation and Disclosure<br>03CTAX |
|---|
| ( ) YES |
| ( ) NO |

| STATE SENATOR DISTRICT X (vote for one) | |
|---|---|
| ( ) STATE SENATOR CANDIDATE | XXXX |

VOTE BOTH SIDES

Card 01

# Panukalang-batas 1 sa Balota

## MGA LIMITASYON SA KONTRIBUSYON SA KAMPANYA, LOBBYING AT PAGHAHAYAG

### LENGGWAHE NG BALOTA

Babawasan nitong inisyatiba mula $1,000 at magiging $500 ang pinakamalaking halaga na pwedeng ibigay ng isang tao sa isang kandidato o grupo, at babawasan mula $10,000 at magiging $5,000 ang halagang pwedeng ibigay para sa anumang layunin, ng isang tao sa isang partidong pampulitika. Babawasan nito mula $2,000 at magiging $1,000 ang halagang pwedeng ibigay ng isang grupo sa isang kandidato, o grupo. Babawasan nito mula $4,000 at magiging $1,000 ang halagang pwedeng ibigay ng isang grupo sa isang partidong pampulitika. Ipag-uutos nitong isiwalat ng mga grupo ang pangalan, direksyon, trabaho, pinagtatrabahuhan, petsa at ang halagang binigay ng bawat tao o grupo para sa mga kontribusyong higit sa $100 sa isang buong taon. Babawasan nito mula 40 at magiging 10 oras ang paglo-lobby sa anumang 30-araw ng isang taong hindi isang professional lobbyist bago siya kailangang magrehistro bilang isang lobbyist. Ipag-uutos nito sa mga mambabatas, mga taong bayan na miyembro ng nahirang na komite para sa etika sa pagbabatas, at sa mga namamahala sa pagbabatas na isiwalat ang mga iba pang pinagmumulan ng kanilang kita na higit sa $1,000

DAPAT BANG MAGING BATAS ITONG INISYATIBA?

⬭ Oo

⬭ Hindi

### PAGKAKABUOD NG AHENSYA NG UGNAYANG LEHISLATIBO

Binababaan nitong panukalang-batas ang limitasyon sa mga kontribusyon sa kampanya. Alinsunod sa panukalang-batas na ito, ang isang tao ay pwedeng magbigay ng $500 sa isang taon sa kampanya ng isang kandidato.Kalahati ito ng pinahihintulutan sa kasalukuyan. Hindi palalampasin sa $5,000 ang mga regalo ng isang tao sa mga partidong pampulitika. Magiging limitado sa $1,000 sa isang taon ang kaloob mula sa isang grupo. Ang mga Grupo ay kailangang magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga nagkakaloob sa kanila. Para sa mga kaloob sa isang grupo na higit sa $100, dapat ipagbigay-alam ng grupo ang talagang pinagmumulan ng kaloob. Dapat ring ipagbigay-alam ng grupo ang trabaho at pinagtatrabahuhan ng nagkakaloob. Pinapalitan ng panukalang-batas ang kahulugan ng "lobbyist." Gagawin nitong dapat ipagbigay-alam ng isang tao kapag siya ay naglo-lobby ng 10 oras sa isang buwan. Sa kasalukuyan ay 40 oras. Binababaan nito ang halagang pwedeng tanggapin ng isang mambabatas bilang kabayaran sa kanyang mga serbisyong personal na hindi pinagbibigay-alam ang kita. Nauukol rin ito sa mga ilang empleado ng batasan at sa mga miyembro ng komite ng batasan para sa etika.

**PAHAYAG NG MGA GUGOL AT MGA RENTAS PARA SA PANUKALANG-BATAS 1 SA BALOTA - INISYATIBA 03DISC - Ginawa ng Alaska Public Offices Commission (APOC)[Komisyon ng mga Tungkuling Pampubliko]**

Alinsunod sa inuutos ng AS 15.58.020(b), pinagpasyahan ng Alaska Public Offices Commission na walang mga malaking pagkakagastahan ang APOC sa pagsasakatuparan ng minimungkahing batas sa Panukalang-batas 1 sa Balota-Inisyatiba 03DISC.

BUONG TEKSTO NG IPINAPANUKALANG-BATAS

**BATAS NA MAY KINALAMAN SA MGA LIMITASYON SA KONTRIBUSYON,SA MGA LOBBYIST, AT SA MGA PAGHAHAYAG**

**Ipagtibay ng mga mamamayan ng Estado ng Alaska:**

Binabago ang **Section 1**. AS 15.13.070(b) upang magpakahulugang:
(b) Ang isang tao ay puwedeng magkontribusyon ng hindi hihigit sa
(1) $500 sa bawat taon sa isang entidad na hindi isang grupo, para sa layuning impluwensyahan ang pagnomina o paghalal ng isang kandidato, sa isang kandidato, sa isang taong nangangasiwa ng isang write-in campaign bilang isang kandidato, o sa isang grupo na hindi isang partidong pampulitika;
(2) $5,000 sa bawat taon sa isang partidong pampulitika.

Binabago ang **Section 2**. AS 15.13.070(c) upang magpakahulugang:
(c) Ang isang grupo na hindi isang partidong pampulitika ay hindi puwedeng magkontribusyon ng higit sa $1,000 sa bawat taon
(1) sa isang kandidato, o sa isang taong nangangasiwa ng isang write-in campaign bilang isang kandidato;
(2) sa ibang grupo, sa isang entidad na hindi isang grupo, o sa isang partidong pampulitika.

Binabago ang **Section 3**. AS 15.13.040(b) upang magpakahulugang:
(b) Lubusang ipagbibigay-alam ng bawat grupo sa paglista sa isang form na ipinag-uutos ng komisyon
(1) ang pangalan at direksyon ng bawat



Ang tekto nitong panukalang-batas ay inilalahad katulad ng isinumite ng mga may-panukala sa petisyon.

opisyal at direktor;

(2) ang buong halaga ng lahat ng binigay ditong kontribusyon; at para sa lahat ng kontribusyon na mas malaki sa $100 sa isang buong taon, ang pangalan, direksyon, pangunahing trabaho, at pinagtatrabahuhan ng nagbigay ng kontribusyon, at ang petsa at halagang binigay ng bawat nagbigay ng kontribusyon; para sa layunin nitong paragraph, ang kahulugan ng "nagbigay ng kontribusyon" ay ang talagang pinagmumulan ng mga pera, ari-arian o ng mga serbisyo na kontribusyon; at

(3) ang petsa at halaga ng lahat ng binigay nitong mga kontribusyon at ang lahat ng ginastos, naging gastos o pinahintulutang gastos nito.

Binabago ang **Section 4.** AS 24.45.171(8) upang magpakahulugang:

(8) ang kahulugan ng "lobbyist" ay ang isang taong

(A) nagtatrabaho at tumatanggap ng mga bayad, o kinokontratang bayaran, kabilang ang pagbabayad ng makatwirang halaga para sa mga nagastos sa pagbibiyahe, at pagkain at tirahan, upang makipag-usap nang personal o sa pamamagitan ng mga ahente ng taong iyon, sa sinumang opisyal na pambayan para sa layuning impluwensyahan bilang isang negosyo, trabaho o propesyon ang ginagawa ng batasan o ng pangasiwaan nang higit sa 10 oras sa anumang 30 araw na tagal ng panahon sa isang buong taon; o

(B) iniimpluwensyahan bilang isang negosyo, trabaho,o propesyon ang ginagawa ng batasan o ng pangasiwaan.

Binabago ang **Section 5.** AS 24.60.200 upang magpakahulugang: **Sec. 24.60.200. Pagsisiwalat tungkol sa pananalapi ng mga mambabatas, ng mga miyembro ng komite na mula sa madla, at ng mga tagapamahala ng batasan.** Ang isang mambabatas, miyembro ng komite na mula sa madla at ang isang tagapamahala ng batasan ay magfa-file ng isang paghahayag, na sinumpaan at alinsunod sa parusa sa paglabag sa sinumpaang pahayag, sa Alaska Public Offices Commission na binibigay ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa mga kitang natanggap ng naghahayag, ng asawa o domestic partner ng naghahayag, ng mga anak na sinusustentuhan ng naghahayag, at ng mga anak na hindi sinusustentuhan ng naghahayag na kasama niya sa bahay:

(1) ang impormasyon na kinakailangang ipagbigay-alam ng isang opisyal na pambayan alinsunod sa AS 39.50.030, iba pa sa impormasyon tungkol sa mga kaloob;

(2) tungkol sa kitang natanggap bilang bayad para sa mga serbisyong pinagkaloob na higit sa $1,000, ang pangalan at direksyon ng pinagmulan ng kita, at ang isang pahayag na nilalarawan ang mga ginawang serbisyo; kung alam ang pinagmulan ng kita, o makatwiran na kailangang alam na malaki-laki rin ang interes sa gawaing pagbabatas, pamamamahala o gawaing pampulitika at ang tumanggap ng kita ay isang mambabatas, o isang namamahala sa batasan, kailangang isiwalat ang halaga ng natanggap na kita mula sa pinagmumulan;

(3) tungkol sa bawat utang o garantiya sa pagkakautang na higit sa $1,000 mula sa pinagmumulan na malaki-laki rin ang interes sa gawain ng batasan, ng mga nangangasiwa, o sa mga gawaing pampulitika, ang pangalan at direksyon ng taong gumagarantiya sa pagkakautang, ang halaga ng utang, ang mga katakdaan at mga kondisyon sa pagpapautang o sa paggagarantiya sa utang, ang halagang hindi pa nababayaran sa panahon ng pag-file, at kung mayroon man o walang nakasualt na kasunduan ng pagkakautang.

**Section 6.** Petsa ng Pagkakabisa. Itong Batas ay may-bisa simula Enero 1, 2005.

# Panukalang-batas 1 sa Balota

## MGA LIMITASYON SA KONTRIBUSYON SA KAMPANYA, LOBBYING AT PAGHAHAYAG

### PAHAYAG NG PAGTANGKILIK

### ANG PANUKALANG-BATAS NA "AKINING MULI ANG ATING ESTADO"

Ang katiwalian ay hindi lamang sa isang partido o tao. Ang etika ay hindi lamang para sa dalawang partido kundi para sa lahat rin. Mula sa mga eskandalo nina Abramoff at Jefferson sa Washington, D.C. hanggang sa side deals sa Juneau, lalong nagiging matapang ang mga special interest. Dati nilang binibili ang eleksyon. Ngayon ay pinagsisikapan nilang bilhin ang mismong mga mambabatas.

Karapat-dapat malaman ng mga taga-Alaska kung sino ang nagbabayad sa ating mga mambabatas at ang tumututustus sa kanilang mga kampanya. Noong 2004 ang Batasan ay nag-akda ng kanilang mga tuntunin para pamahalaan ang mga pag-uugali nila at binawasan o tinanggal nito ang anumang mga limitasyon o mga ipinag-uutos na pagsisiwalat.

Tinitiyak ng Panukalang-batas 1 na nalalaman ninyo kung sino ang nagbabayad sa inyong mambabatas at kung sino ang nag-iimpluwesya sa kanila. Tinatakdaan nito ang halaga na mabibigay ng special interest sa mga kampanya ng mga mambabatas at winawakasan nito ang soft money.

Bumoto ng "Oo" sa Panukalang-batas 1.

Inaangking muli ng Panukalang-batas 1 ang ating Estado sa apat na natatanging paraan.

**1. IPINAG-UUTOS SA MGA MAMBABATAS NA ISIWALAT KUNG SINO ANG NAGBABAYAD SA KANILA.**

Alinsunod sa mga tuntuning inakda ng mga mambabatas para sa kanilang sarili, maaaring kumita ang isang mambabatas ng libu-libong dolyar karagdagan sa kanyang sinusweldo, mula sa mga special interest na hindi sinisiwalat. Karapat-dapat nating malaman kung sino ang nagbabayad sa ating mga mambabatas at kung bakit. Ipinag-uutos ng Panukalang-batas 1 na isiwalat ng mambabatas ang anumang kita na hihigit sa $1,000. Tapos ang kwento.

**2. IPINAG-UUTOS NA MAGREHISTRO ANG MGA LOBBYIST**

Inakdang muli ng Batasan ang batas upang mangilan-ngilan lamang na mga lobbyist ang kinakailangang magrehistro. Malaking kamalian ito. Kapag wala nitong pagrerehistro, walang pagsisiwalat kung sino ang nagbabayad sa mga lobbyist para impluwensyahan ang ating mga mambabatas. Ipinag-uutos ng Panukalang-batas 1 sa kahit sinong lobbyist na nagtatrabaho ng higit sa 10 oras sa bawat buwan na magrehistro at isiwalat kung sino ang nagbabayad sa kanyang mag-lobby.

**3. TINATAKDAAN SA $500 ANG MGA KONTRIBUSYON SA KAMPANYA**

Ang karamihan ng mga taga-Alaska ay hindi nagbibigay ng napakalaking halaga sa mga kampanyang pampulitika. Kapag mas malaki ang mabibigay ng mga special interest, mas malaki rin ang kanilang impluwensya sa mga politiko. Tinatakdaan ng Panukalang-batas 1 ng hanggang $500 ang mga kontribusyon mula sa isang tao at hanggang $1,000 mula sa isang grupo.

**4 PINABUBUTI ANG BATAS PARA TAKDAAN ANG PAGGAMIT NG SOFT MONEY**

Ang Batasan ay may ginawang isa pang malaking kahinaan sa batas. Pinapayagan nito ang walang takdang mga donasyon sa mga partidong pampulitika. Walang katakdaan. Tinatakdaan ng Panukalang-batas 1 ng hanggang $5,000 itong mga donasyon. Sina Senador John McCain at Senador Russ Feingold ang mga tagapagtaggol ng pagtatakda sa soft money. Mayroon tayong pagkakataong gawin ang unang hakbang dito sa Alaska para takdaan ang soft money sa pamamagitan ng pagboto sa Panukalang batas 1.

Bumoto para **AKINING MULI ANG INYONG ESTADO.**

Bumoto ng "OO" sa Panukalang-batas 1

Chancy Croft
Pangulo, Senado ng Estado ng Alaska
1975-1976

Rick Halford
Pangulo, Senado ng Estado ng Alaska
1993-1994, 2001-2002

Lowell Thomas, Jr.
Dating Pangalawang Gobernador
Dating Senador ng Estado



*Ang pahayag na nakalimbag sa pahinang ito ay opinyon ng (mga) may-akda at nilalathala nang kagaya sa isinumite sa Dibisyon ng mga Eleksyon*

# Panukalang-batas 1 sa Balota

## MGA LIMITASYON SA KONTRIBUSYON SA KAMPANYA, LOBBYING AT PAGHAHAYAG

### PAHAYAG NG PAGTUTOLPAHAYAG NG PAGTUTOL

Binabawasan nitong inisyatiba ang mga karapatan at pagkakasali ng mga mamamayan habang dinaragdagan ang kapangyarihan ng mga kasalukuyang nakaupo sa tungkulin.

Lubos na binabawasan sa Section 1 ang karapatan ng bawat tao sa malayang pananalita. Binabawasan nang kalahati ang pinakamalaking halaga ng kontribusyong maaari nating ibigay sa isang kandidato o partido. Mas kaunting pera ang maaaring maingingilak ng mga humahamon, na hinahadlangan ang kakayahan nating palitan ang mga hinalal na opisyal pambayan. Binibigyan ng kapanyarihan nitong inisyatiba ang mga nakaupo sa tungkulin at ang mayamang kandidato na tinutustusan ang kanyang kampanya.

Lalong sinisira sa Section 2 ang ating karapatan sa malayang pananalita upang maimpluwensyahan ang mga eleksyon. Binabawasan nang kalahati ang pinakamalaking halaga ng kontribusyong maaaring ibigay ng isang grupo sa isang kandidato.

Sinisira sa Section 3 ang pagsisiwalat ng kontribusyon sa Alaskan campaign disclosure law [batas na iniuutos sa mga kandidato na ipagbigay-alam kung sino ang mga nagbigay ng donasyon sa kanilang kampanya]. Ang inisyatiba ay isang hakbang na paurong. Tinatanggal ng pagbabago ang pagsiwalat ng mga pangalan at mga direksyon ng ilang mga pinagkukunan ng pera. Ano ba ang binabalak itago ng mga isponsor, na mga mambabatas lahat, mula sa pananaw ng mga mamamayan?

Binababago ng Section 4 ang kahulugan ng lobbyist sa pagputol mula 40 na magiging 10 oras sa bawat buwan sa panahon ng isang mamamayan sa pakikipagbatiran sa mga opisyal pambayan. Mas maraming mga empleado ng mga maliit na negosyo ang kailangang magrehistro bilang mga lobbyist. Kinakailangang mag-file ng 16 report sa panahon ng dalawang taon ang labing isang oras ng pagtatrabaho sa isang buwan. Sa halip na tanggapin itong katawa-tawang bagong pabigat na sinisiwalat sa kanilang mga kakumpitensiya ang listahan ng kanilang mga kliyente, ang karamihan ng mga negosyo ay magbabayad sa isang propesyonal na lobbyist sa halip na katawanin ng karaniwang mamamayan. At saka pinagbabawalan itong mga 'bagong' lobbyist na magkontribusyon sa mga kandidato na nasa labas ng kanilang distritong pambatasan. Isang malaking sampal ito sa mga karapatan ng lahat ng mamamayan.

Protektado ang mga nakaupo sa tungkulin, kasama ang mga isponsor ng inisyatiba, mula sa mga humahamon na may maraming pera.

Dinaragdagan ng pabigat na pagbibigay-alam ang mga takda sa pagsisiwalat ng pagbabago sa kita. Bagamat mabisang binawasan itong katakdaan ng inflation sa mga nakalipas na dekada, dinaragdagan lamang ang mga papeles nitong pagbabago mula $500 at magiging $1000 na wala naming makahulugang impormasyon.

Gloria Shriver, Nagtatag
Alaska Excellence in Public Service
[Kahusayan sa mga Trabahong Pambayan ng Alaska]

*Ang pahayag na nakalimbag sa pahinang ito ay opinyon ng (mga) may-akda at nilalathala nang kagaya sa isinumite sa Dibisyon ng mga Eleksyon*

# Panukalang-Batas 2 sa Balota

## PAGPAPATAW NG BUWIS, PAGPAPAILALIM SA REGULASYON AT SA PAGHAHAYAG NG MGA BARKONG PANG-CRUISE

### LENGGWAHE NG BALOTA

Ang inisyatibang ito ay magpapataw ng buwis na $46 sa bawat tao para sa paglalayag sa mga malalaking barkong pang-cruise upang ibayad sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga sasakyang-dagat. Itatadhana nito na ang perang kikitain mula sa buwis ay idedeposito sa pangkalahatang laang-gugulin ng estado at, batay sa paglalaan ng batasan, ipamamahagi sa mga bayan. Papatawan nito ng buwis ang mga gawaing pasugal sa mga barkong pang-cruise na nasa karagatan ng estado. Babaguhin nito ang paraan ng pagkukwenta ng buwis sa kita ng korporasyon ng barkong pang-cruise. Aatasan nito ang mga namamahala ng mga barkong pang-cruise na magtipon at magreport ng mas maraming impormasyon, at kumuha ng bagong uri ng permit para sa sewage (likido at mga buo-buong dumi na pinadadaan sa imburnal), graywater (tubig na malabo dahil pinanlaba at pinanligo at pagkatapos nire-recyle at nililinis upang magamit muli na pang-flush ng inidoro) o iba pang wastewater (maruming tubig na nahaluan ng dumi, langis, kemiko at ng iba pang sangkap) bago magbawas sa karagatan ng estado. Magpapataw ito ng bayarin na $4 para sa bawat tulugan ng pasahero at mag-uutos na ang mga malalaking barkong pang-cruise ay kailangang magkaroon ng mga makinista sa pagbabapor (Ocean Rangers) na empleado ng estado at lisensyado ng Coast Guard na magmamasid sa mga pamamaraan at palakad na nauugnay sa kalusugan, sa kaligtasan at sa proseso na ginagamit sa paghihiwalay ng dumi sa tubig at sa paglilinis ng maruming tubig (wastewater treatment) at sa pagbabawas ng tubig. Pahihintulutan nito ang paghahabla ng mga mamamayan laban sa may-ari o sa namamahala ng isang malaking barkong pang-cruise, o laban sa Department of Environmental Conservation [Kagawaran ng Konserbasyon ng Kaligiran], dahil sa paratang na paglabag sa alinmang kondisyon ng permit, sa tadhana ng mga batas na nauukol sa kaligiran o sa pagtupad ng mga tungkulin. Pahihintulutan din nito ang taong makapagbibigay ng impormasyon na magreresulta sa pagpapatupad ng batas na tumanggap ng 25 hanggang 50 porsyento ng mga multang ilalapat. Magtatakda ito ng mga karagdagang kautusan para sa paghahayag tungkol sa mga promosyon na isasagawa sa barko ng mga negosyong nasa katihan.

DAPAT BANG MAGING BATAS ANG INISYATIBANG ITO?

⬭ Oo

⬭ Hindi

### PAGKAKABUOD NG AHENSYA NG UGNAYANG LEHISLATIBONG

Bahagi nitong panukalang-batas ay tungkol sa mga buwis sa barkong pang-cruise. Papatawan nito ang mga pasahero ng barkong pang-cruise ng buwis na $46 sa bawat tao. Mapupunta iyong pera sa isang tanging account sa pangkalahatang laang-gugulin ng estado. Maaaring ilaan ng batasan ang bahagi ng perang iyon para sa mga pwerto na regular na hinihintuan ng sasakyang-dagat. Ngunit, ang mga bayan na tatanggap nitong pera ay hindi maaaring magpataw ng lokal na buwis sa barkong pang-cruise para sa bawat pasahero. Pinabubuwis din ng panukalang-batas ang pagpapasugal sa mga barkong pang-cruise. Ang buwis ay 33 porsyento ng adjusted gross income na kinita mula sa pagpapasugal ng barkong pang-cruise. Binabago ng panukalang-batas ang batas ng estado hinggil sa buwis sa kita ng korporasyon para maaaring masaklaw nito ang mga barkong pang-cruise.

Binabago din ng panukalang-batas ang mga batas hinggil sa kaligiran na sumasaklaw sa mga barkong pang-cruise. Iniuutos nito na kailangang magkaroon ang mga barkong pang-cruise ng permit para sa pagbabawas ng maruming tubig. Nagtatakda ito ng mga pinakamababang pamantayan at kondisyon para sa paggamit ng ganitong mga permit. Ipinagbabawal nito ang pagbabawas ng maruming tubig nang walang permit. Binabago nito ang mga kautusang hinggil sa pagsubaybay at sa paggagawa't pagtatago ng mga rekord hinggil sa pagbabawas ng maruming tubig. Itinatatag nito ang isang bagong programa ng ocean ranger. Ang ranger ay isang makinista sa pagbabapor. Iniuutos nito na ang bawat barkong pang-cruise ay may nakalulan na ranger. Ang ranger ay isang obserbador na may-kasarinlan. Susubaybayan ng ranger ang pagsunod sa mga batas hinggil sa pollution. Nagpapataw ang panukalang-batas ng apat-na-dolyar na bayarin para sa bawat tulugan na ilalaan para sa pamamalakad ng programa ng ranger. Binibigyan nito ang mga pribadong mamamayan ng karapatang maghabla para sa mga paglabag sa mga batas hinggil sa pagbabawas. Itinatakda rin nito ang mga kaparusahang-pinansyal para sa paglabag sa mga batas hinggil sa kaligiran.

Pangwakas, itinatakda ng panukalang-batas na ipailalim sa regulasyon ang pagbebenta sa barkong pang-cruise. Ang mga taong binabayaran na magbanggit o mag-promote ng negosyong nasa isang pwerto ng estado ay kailangang magpahayag na sila ay binabayaran. Kailangang ipahayag din sa mga nakasulat na material na binabayaran ang taong ito. Ang mga taong nakalulan sa barkong pang-cruise na nagbebenta ng mga tour at ng iba pang gawain sa katihan ay kailangang magpahayag kung magkano ang ibinabayad sa kanila para sa bawat benta. Kailangang ibigay ng nagbebenta ang address and numero ng telepono ng negosyo sa katihan kapag hiningi. Itinatakda nito na ang paglabag sa mga batas na ito ay di-makatwirang pamamalakad sa negosyo.

### PAHAYAG NG MGA GUGOL AT MGA RENTAS PARA SA PANUKALANG-BATAS 2 SA BALOTA –

# Panukalang-Batas 2 sa Balota

## PAGPAPATAW NG BUWIS, PAGPAPAILALIM SA REGULASYON AT SA PAGHAHAYAG NG MGA BARKONG PANG-CRUISE

**INISYATIBA 03CTAX - Ginawa ng Alaska Department of Revenue [Kagawaran ng Rentas ng Alaska]**

Alinsunod sa iniuutos ng AS 15.58.020(b), ginawa ng Alaska Department of Revenue [Kagawaran ng Rentas ng Alaska] ang sumusunod na pahayag ng mga gugol ng Kagawaran sa pagpapairal sa batas na iminumungkahi sa Panukalang-Batas 2 sa Balota - Inisyatiba 03CTAX.

**MGA GUGOL**

Upang mapangasiwaan ang proseso ng pangongolekta ng buwis na iniuutos ng inisyatibang ito, ang Department of Revenue ay mangangailangan ng anim na bagong pwesto, sa tinantiyang gugol na $626,000 sa bawat taon para sa mga tauhan at mga kaugnay na gugol.

**MGA RENTAS**

Ang inisyatibang ito ay magpapataw ng excise tax na $46 sa bawat pasahero sa bawat paglalayag para sa pagbiyahe sa mga komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na may 250 o higit pang tulugan, at ng "Ranger fee" na $4 sa bawat tulugan ng pasahero.

Ipinagpapalagay namin na ang paglalayag ng barkong pang-cruise sa 2007 ay magiging katulad lang ng naka-schedule na paglalayag sa 2006. Hindi namin mahuhulaan kung makakaapekto ang excise tax sa bilang ng mga pasahero.

Kung ipagpapalagay na ang mga barko ay maglalayag na 100 porsiyento ang nakalulan, sa tantya namin ang excise tax na $46 sa bawat pasahero ay ipapataw sa humigit-kumulang na 900,000 pasahero sa panahon ng 2007, na magreresulta sa rentas na humigit-kumulang na $41 milyon. Mga $14 milyon ng rentas na iyon ay ipamamahagi sa mga bayan na hinihintuan ng mga barko. Ang dalawampu't-limang porsiyento ng kabuuan, o humigit-kumulang na $10 milyon, ay ilalagay sa isang "Regional Cruise Ship Impact Fund," na ipamamahagi sa ibang mga apektadong bayan. Humigit-kumulang na $3.6 milyon ang kikitain mula Ranger fee na $4 para sa bawat tulugan.

Ang netong rentas na kikitain ng estado, pagkatapos ibawas ang mga gugol para sa Departments of Revenue at Environmental Conservation at pagkatapos ibawas ang $24 milyon na paghahatiang rentas na binanggit sa itaas, ay humigit-kumulang na $14.4 milyon.

Ang inisyatiba ay magpapataw ng buwis na 33 porsiyento ng adjusted gross income mula sa pamamalakad ng mga gawaing palaro o pasugal sa mga barkong naglalayag sa mga karagatan ng Alaska.

Ang Kagawaran ay walang datos tungkol sa kung gaanong kalakas o kung gaanong kalaki ang tinutubo sa palaro sa mga barkong pang-cruise sa karagatan ng Alaska, at dahil dito, hindi makalkula ang mga rentas mula sa iminumungkahing buwis sa palaro.

Babaguhin din ng inisyatibang ito ang paraan ng pagkakalkula ng buwis sa kita ng korporasyon para sa industrya ng barkong pang-cruise. Ang Kagawaran ay walang sapat na datos upang matantya ang mga epekto ng pagbabagong ito sa rentas mula sa buwis sa kita ng korporasyon.

**PAHAYAG NG MGA GUGOL PARA SA PANUKALANG-BATAS 2 SA BALOTA - INISYATIBA 03CTAX Ginawa ng Alaska Department of Environmental Conservation [Kagawaran ng Konserbasyon ng Kaligiran ng Alaska]**

Alinsunod sa iniuutos ng AS 15.58.020(b), ginawa ng Alaska Department of Environmental Conservation ("DEC") [Kagawaran ng Konserbasyon ng Kaligiran ng Alaska] ang sumusunod na pahayag ng mga gugol ng Kagawaran sa pagpapairal sa batas na iminumungkahi sa Panukalang-Batas 2 sa Balota - Inisyatiba 03CTAX.

Iuutos ng inisyatibang ito sa DEC na gumawa at panatilihin ang isang bagong programa ng permit para sa Malalaking Komersyal na Pampasaherong Sasakyang-Dagat (barkong pang-cruise) na ipapalit sa kasalukuyang programa ng pagpapasailalim sa regulasyon sa ganitong mga sasakyang-dagat. Iuutos din nito sa DEC na magdestino ng mga makinista sa pagbabapor ("Ocean Rangers") na lisensyado ng Coast Guard sa mga barkong pang-cruise upang subaybayan ang pagsunod sa mga batas Estado at Pederal hinggil sa kaligiran. Dalawang makinista sa pagbabapor na halinhinang magtatrabaho nang labindalawang oras ang ididestino sa bawat barkong pang-cruise na naglalayag sa karagatan ng Alaska.

Ang gugugulin ng estado sa unang buong taon ng pagpapairal nitong inisyatiba ay tinatanyang humigit-kumulang na $5.6 milyon.

**BUONG TEKSTO NG IPINAPANUKALANG BATAS**

**PARA SA ISANG BATAS NA NAGTATAKDA NG PAGPAPATAW NG BUWIS SA ILANG KOMERSYAL NA BARKONG SASAKYANG-DAGAT, NA TUMUTUKOY SA ILANG GAWAIN SA SASAKYANG-DAGAT at MAY-KAUGNAYAN SA MGA PAMAMARAAN AT PAMAMALAKAD NG BARKONG SASAKYANG-DAGAT NA NANGYAYARI SA KARAGATAN NG ESTADO NG ALASKA**

**Ipagtibay ng mga Mamamayan ng Estado ng Alaska:**

# Panukalang-Batas 2 sa Balota

## PAGPAPATAW NG BUWIS, PAGPAPAILALIM SA REGULASYON AT SA PAGHAHAYAG NG MGA BARKONG PANG-CRUISE

* **Seksyon 1.** Ang AS 43 ay binabago sa pamamagitan ng pagdagdag ng isang bagong kabanata upang magpakahulugang:

**Kabanata 52. Excise Tax sa Pagbiyahe sa mga Komersyal na Pampasaherong Sasakyang-dagat**

**Sek. 43.52.010. Pagpapataw ng excise tax sa mga panuluyan sa magdamag sa mga komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat.** Pinapatawan ng excise tax ang pagbiyahe sa komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na nagkakaloob ng mga panuluyan sa magdamag sa karagatan ng estado.

**Sek. 43.52.020. Halaga ng buwis.** Ang buwis na pinapataw ng AS 43.52.010 - 42.52.095 ay sa halagang $46 sa bawat pasahero sa bawat layag.

**Sek. 43.52.030. Pananagutan para sa pagbabayad ng buwis.** Ang pasaherong nagbibiyahe sa isang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na nagkakaloob ng mga panuluyan sa magdamag sa karagatan ng estado ang siyang may pananagutan para sa buwis na pinapataw ng AS 43.52.010 -- 43.52.095. Ang buwis ay kokolektahin ng at dapat bayaran sa kagawaran

(1) ng taong nagpapabiyahe sa isang komersyal na sasakyang-dagat na siyang dahilan para sa buwis na dapat bayaran; at

(2) sa kaparaanan at sa panahon na iniuutos ng kagawaran sa pamamagitan ng regulasyon.

**Sek. 43.52.040. Disposisyon ng mga kuwartang kikitain.** (a) Ang perang galing sa buwis sa pagbibiyahe sa komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na nagkakaloob ng mga panuluyan sa magdamag sa karagatan ng estado ay idideposito sa isang tanging "Commercial Vessel Passenger Tax Account" sa pangkalahatang laang-gugulin. Ang lehislatura ay maaaring maglaan ng pera mula sa account na ito para sa mga katwirang inilalarawan sa (b) at (c) nitong seksyon, para sa mga pasilidad ng pwerto at daungan, mga iba pang serbisyo upang mapaglingkuran nang nararapat ang mga sasakyang-dagat o sasakyang-pantubig sa pagdaong ng mga ito, upang mapaigi ang kaligtasan at kahusayan ng komersyo ng magkakaibang estado at ng ibang bansa at para sa iba pang ligal na katwiran na naaalinsunod sa pasya ng lehislatura.

(b) Para sa bawat paglalayag ng isang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na nagkakaloob ng mga panuluyan sa magdamag, iidentipika ng komisyoner ang unang limang pwertong hinihintuan sa loob ng estado at ang bilang ng mga pasaherong nakalulan sa sasakyang-dagat sa bawat pwerto na hinihintuan. Batay sa paglalaan ng lehislatura, ipamamahagi ng komisyoner sa bawat pwerto na hinihintuan ang $5 para sa bawat pasahero ng rentas ng buwis na nakolekta mula sa buwis na ipinataw sa kabanatang ito. Kung ang pwertong hinihintuan ay isang lungsod na nasa loob ng isang borough na walang ibang pinagkaisa sa borough, ipamamahagi ng komisyoner, batay sa paglalaan ng lehislatura, ang $2.50 sa lungsod at ang $2.50 sa borough para sa bawat pasahero. Ang bawat pwertong hinihintuan na tatanggap ng pondo alinsunod sa seksyong ito ay aatasang gamitin ang mga pondo sa paraang sadyang makapagpapabuti sa mga pasilidad ng pwerto at daungan at sa mga iba pang serbisyo upang mapaglingkuran nang nararapat ang mga sasakyang-dagat o sasakyang-pantubig sa pagdaong ng mga ito, at upang mapaigi ang kaligtasan at kahusayan ng komersyo ng magkakaibang estado at ng ibang bansa.

(c) Ang "Regional Cruise Ship Impact Fund" na binubuo ng 25% ng perang galing sa buwis sa pagbibiyahe sa komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na nagkakaloob ng mga panuluyan sa magdamag sa karagatan ng estado ay itatalaga na sub-account ng pondo na itinalaga sa (a) sa itaas, at idideposito sa pangkalahatang laang-gugulin. Batay sa paglalaan ng lehislatura at sa mga regulasyon na pinagtibay ng Department of Revenue [Kagawaran ng Rentas], ipamamahagi ng Komisyoner ang mga pondo sa mga bayan at iba bang entidad ng pamahalaan na nasa loob ng Rehyon ng Prince William Sound, Timog-silangang Alaska o anumang ibang namumukod na rehyon na naapektuhan ng mga gawaing panturismo na nauugnay sa mga barkong pang-cruise, ngunit hindi karapat-dapat na tumanggap ng mga pondo na binabatay sa pagiging pwertong hinihintuan ayon sa pinahihintulutan ng (b), sa itaas, sa kondisyon na ang anumang pondong gagastusin mula sa account na ito ay gagamitin upang magkaloob ng mga serbisyo at infrastructure na tuwirang may-kaugnayan sa pagdaong ng mga pampasaherong sasakyang-dagat o ng mga sasakyang-pantubig o upang mapaigi ang kaligtasan at kahusayan ng komersyo ng magkakaibang estado at ng ibang bansa na may-kinalaman sa mga gawain ng mga sasakyang-dagat o ng mga sasakyang-pantubig.

**Sek. 43.52.050. Pangangasiwa.**
(a) Ang kagawaran ang:

(1) mangangasiwa sa kabanatang ito; at

(2) mangongolekta, mamamahala, at magpapatupad ng pangongolekta ng mga buwis na dapat bayaran ayon sa kabanatang ito at ng mga multang itinakda sa
AS 43.05.

(b) Ang kagawaran ay maaaring magpatibay ng mga regulasyong kinakailangan para sa pangangasiwa ng kabanatang ito.

**Sek. 43.52.060. Mga lokal na buwis.** Anumang



*Ang teksto nitong panukalang-batas ay inilalahad na katulad ng isinumite ng mga may-panukala sa petisyon.*

bayan, nasasaklaw man ng lokal na batas o ng pangkalahatang batas, na tumatanggap ng pondo mula sa bayarin ng mga pampasaherong barko ayon sa kabanatang ito ay hindi maaaring magpataw ng karagdagang uri ng buwis sa pagbibiyahe sa komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na may mga gawaing kaugnay ng mga panuluyan sa magdamag para sa mga pasahero sa karagatan ng estado. Ang anumang karagdagang uri ng buwis sa pagbibiyahe sa komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na may mga gawaing kaugnay ng mga panuluyan sa magdamag para sa mga pasahero sa karagatan ng estado na isinabatas ng isang bayan, nasasaklaw man ng lokal na batas o ng pangkalahatang batas, nang una pa sa petsa ng pagkakabisa nitong lehislasyon ay mawawalan ng bisa pagkaraan ng isang taon matapos isabatas ang batas na ito, kung pipiliin ng bayan na iyon na tumanggap ng mga pondo ayon sa kabanatang ito.

**Sek. 43.52.095. Mga Kahulugan.** Sa kabanatang ito, (1) ang kahulugan ng "komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat" ay isang barko o sasakyang-dagat na ginagamit sa karaniwang pagdadala ng mga pasahero sa komersyo; hindi kabilang sa "komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat" ang

(A) mga sasakyang-dagat na wala pang 250 ang mga tulugan o ang iba pang panuluyan sa magdamag na pampasahero;

(B) ang mga di-komersyal na sasakyang-dagat, mga pandigmang barko, at mga sasakyang-dagat na pinangangasiwaan ng estado, ng United States, o ng pamahalaan ng ibang bansa;

(2) Ang kahulugan ng "karagatan ng estado" at ng "pang-estado na karagatan" ay tulad din ng kahulugan na ibinigay sa "waters" sa AS 46.03.900, maliban sa ang kasama lamang ay ang mga karagatan.

(3) Ang kahulugan ng "pasahero" ay isang tao na kinatrato ng isang sasakyan na dadalhin mula sa isang lugar papunta sa ibang lugar.

(4) Ang kahulugan ng "paglalayag" ay anumang paglalakbay o itineraryo na mas matagal sa 72 oras.

* **Sek. 2.** Ang AS 05 ay binabago sa pamamagitan ng pagdagdag ng isang bagong kabanata upang magpakahulugang:

**Kabanata 16. Mga Laro sa Sapalaran at mga Paligsahan sa Galing sa mga Barkong Naglalayag sa Karagatan na Saklaw ng Hurisdiksyon ng Alaska**

**Sek. AS 05.16.010. Mga pagpapasugal sa mga komersyal na sasakyang-dagat na ipinagpapalagay na awtorisado ng batas pederal.** Ang kabanatang ito ay sumasaklaw sa paggamit ng mga baraha, mga dice, mga ruleta, mga instrumento o makina na umaandar kapag hinulugan ng perang metal, o mga iba pang bagay o instrumento na ginagamit, dinisensyo, o nilalayon para sa paglalaro o pagsusugal, na ginagamit sa mga karagatan na saklaw ng hurisdiksyon ng Estado ng Alaska sa paglalayag na inilalarawan sa 15 U.S.C. Seksyon 1175(c)(2), at sa anupamang ibang pagpapasugal na nangyayari sa malalaking pampasaherong sasakyang-dagat na nasa loob ng estado.

**Sek. AS 05.16.020. Buwis sa mga pagpapasugal na inautorisa ng AS 05.16.010.** Ang operator ng palaro o pasugal sa mga malalaking pampasaherong sasakyang-dagat na nasa loob ng estado ay pinapatawan ng buwis na 33% ng adjusted gross income na galing sa ganitong mga gawain. Ang kahulugan ng "adjusted gross income" ay ang kabuuang kita na binawasan ng mga iginantimpala at ng mga binayaran na o babayaran pa lang na buwis sa kita na pampederal at pambayan. Ang buwis ay kokolektahin ng at dapat bayaran sa department of revenue sa kaparaanan at sa panahon na iniuutos ng department of revenue.

**Sek. 05.16.030. Disposisyon ng mga kuwartang tinatanggap.** (a) Ang perang galing sa buwis sa pagpapasugal sa komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na nasa karagatan ng estado ay idideposito sa isang tanging "Commercial Vessel Passenger Tax Account" sa pangkalahatang laang-gugulin.

* **Sek. 3.** Ang AS 43.20.021 ay pinawalang-bisa at muling isinabatas batay sa sumusunod:

**Sek. 43.20.021(a). Ang Internal Revenue Code [Kodigo ng Rentas Internas] na pinagtibay sa pamamagitan ng pagtukoy.** (a) Ang mga Seksyon 26 U.S.C. - 1399 at 6001 - 7872 (Internal Revenue Code), ayon sa pagkakasusog, ay pinagtibay na bahagi ng kabanatang ito sa pamamagitan ng pagtukoy. Itong mga bahagi ng Internal Revenue Code ay may buong kapangyarihan at bisa ayon sa kabanatang ito maliban kung gawing eksepsyon o baguhin ng ibang tadhana nitong kabanata.

(b) Walang anuman sa kabanatang ito o sa AS 43.19 (Multistate Tax Compact) ay maaaring ipakahulugang eksepsyon sa o pagbabago sa 26 U.S.C. 883.

(c) Ang tadhana sa (b), sa itaas, ay hindi sumasaklaw sa mga komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na itinakda sa AS 43.52.095.

* **Seks. 4. Ang** AS 46.03.462 ay pinawalang-bisa at muling isinabatas ayon sa sumusunod:

**Sek. 46.03.462. Mga tadhana at kondisyon ng permit sa pagbabawas.** (a) Ang may-ari o ang operator ay hindi maaaring magbawas sa karagatan ng estado mula sa isang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ng anumang

sewage, graywater, o iba pang wastewater na ginamitan ng proseso ng paglilinis, maliban kung ang may-ari o ang operator ay kumuha ng permit ayon sa AS 46.03.100, na sumusunod sa lahat ng tadhana at kondisyon ng mga kautusan hinggil sa pagbabawas ng sasakyang-dagat na tinutukoy sa (b) ng seksyong ito.

(b) Ang mga tadhana at kondisyon ng pinakamababang pamantayan para sa lahat ng mga permit sa pagbabawas na inautorisa batay sa tadhanang ito ay nag-uutos na ang may-ari o ang operator ay:

(1) hindi maaaring magbawas ng sewage na hindi ginamitan ng proseso ng paglilinis, o ng sewage, graywater, o iba pang wastewater na ginamitan ng proseso ng paglilinis, sa paraang labag sa anumang mapaiiral na hangganan o pamantayan ng tagas ayon sa batas estado o pederal, kasama ang Alaska Water Quality Standards, na namamahala sa pollution sa lugar kung saan magbabawas;

(2) gagawa at magtatago ng mga rekord at magbibigay ng mga report na iniuutos ng AS 46.03.465(a);

(3) mangongolekta at magsusuri ng mga sample alinsunod sa AS 46.03.465(b) at (d) at magbibigay ng mga report tungkol sa mga kinauukulang sample na iniuutos ng AS 46.03.475(c);

(4) magrereport ng mga pagbabawas nang naaalinsunod sa AS 46.03.475(a);

(5) magpapahintulot sa kagawaran na makasampa sa sasakyang-dagat sa panahong kinukuha ang mga sample na inuutos ng AS 46.03.465 para sa pagkuha ng mga sample o para sa pagtitiyak ng katapatan ng proseso ng pagkuha ng mga sample.

(6) magsusumite ng mga rekord, mga paunawa, at mga report sa kagawaran ayon sa AS 46.03.475(b), (d), at (e).

* **Sek. 5.** Ang AS 46.03.463 ay ay binabago upang magpakahulugan ayon sa sumusunod:

**Sek. 46.03.463(d)** Ang 46.03.463(d) ay pinawalang-bisa.

**Sek. 46.03.463.(e)** ay pinawalang-bisa at muling isinabatas upang magpakahulugang: Ang may-ari o ang operator ay hindi maaaring magbawas sa karagatan ng estado mula sa isang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ng anumang sewage, graywater, o iba pang wastewater na ginamitan ng proseso ng paglilinis, maliban kung ang may-ari o ang operator ay kumuha ng permit ayon sa AS 46.03.100 at sa AS 46.03.462, at sa kondisyon na ang sasakyang-dagat ay wala sa isang lugar kung saan ipinagbabawal sa ibang paraan ang pagbabawas ng sewage, graywater, o iba pang wastewater na ginamitan ng proseso ng paglilinis.

**Sek. 46.03.463(g)** ay pinawalang -bisa.

**Sek. 6. AS 46.03.465** ay pinawalang-bisa at muling isinabatas upang magpakahulugan ayon sa sumusunod:

**Sek. 46.03.465. Mga kautusan hinggil sa pagtitipon ng impormasyon.** (a) Ang may-ari o ang operator ay isang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ay gagawa at magtatago ng mga pang-araw-araw na rekord na may-kinalaman sa panahon ng pagsasagawa at pamamalakad habang nasa Estado, na ililista ang mga detalye ng mga petsa, mga oras, at mga lugar, at ang dami at bilis ng pag-agos ng anumang pagbabawas ng sewage, graywater, o iba pang wastewater na itinatapon sa karagatan ng Estado, magpadala buwan-buwan ng mga elektronikong kopya ng mga nabanggit na rekord sa kagawaran nang hindi lalampas sa ika-5 araw matapos ang bawat buwan ayon sa kalendaryo ng paglalayag sa mga karagatan ng Estado.

(b) habang ang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ay nasa karagatan ng Estado, ang may-ari o ang operator ng sasakyang-dagat ay magbibigay ng oras-oras na report tungkol sa lokasyon ng sasakyang-dagat batay sa teknolohya ng Global Positioning System at mangongolekta, sa pamamagitan ng pamamaraan ng pagkuha ng sample na inaprobahan ng kagawaran, ng mga karaniwang kinikuhang sample ng sewage, graywater, o iba pang wastewater na ginamitan ng proseso ng paglilinis ng sasakyang-dagat na binabawas at tinatapon sa karagatan ng Estado.

(c) habang ang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ay nasa karagatan ng Estado, ang Kagawaran o ang isang kontratistang may-kasarinlan na kinontrata ng Kagawaran, ay maaaring mangolekta ng mga karagdagang sample ng sewage, graywater, o iba pang wastewater na ginamitan ng proseso ng paglilinis ng sasakyang-dagat na binabawas at tinatapon sa karagatan ng Estado.

(d) titiyakin ng may-ari o ng operator ng sasakyang-dagat na inutusang mangolekta ng mga sample batay sa (b) nitong seksyon na lahat ng mga pamamaraan ng pagkuha ng sample at ang kadalasan ng pagkuha ng sample ay aprobado ng kagawaran sa paraang may-kakayahan na tiyak na mapatunayan ang pagsunod sa lahat ng mga kautusan hinggil sa pagbabawas alinsunod sa AS 46.03.462.

(e) babayaran ng may-ari o ng operator ng komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ang lahat ng pagrereport, pagkuha ng sample at pagsusuri ng mga sample ayon sa seksyong ito.



*Ang teksto nitong panukalang-batas ay inilalahad na katulad ng isinumite ng mga may-panukala sa petisyon.*

(f) kung ang may-ari o ang operator ng komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ay , kapag sumusunod sa batas ng ibang estado o sa batas pederal na nag-uutos sa kabuuan ng parehong impormasyon na hinihingi batay sa (a), (b), o (d) ng seksyong ito, ang may-ari o ng operator ng komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat ay ituturing na tumupad sa subseksyong iyon sa kondisyon na ang impormasyon ay ibinigay din sa kagawaran.

* **Sek. 7.** Ang AS 46.03 is ay binabago upang isama ang mga bagong tadhana ayon sa sumusunod:

**Sek. 46.03.476. Mga Ocean Ranger.** (a) Ang may-ari o ang operator ng komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na pumapasok sa karagatan ng estado ay inuutusang magkaroon ng nakalulan na makinista sa pagbabapor na lisensyado ng United States Coast Guard na kinuhang magtrabaho o kinontrata ng kagawaran na panungkulan bilang isang obserbador na may-kasarinlan para sa layunin ng pagsusubaybay sa mga kautusan ng estado at ng pamahalaang pederal na nauukol sa pagbabawas at pagtatapon sa karagatan at mga kautusan hinggil sa pollution at upang matiyak na ang mga pasahero, ang mga tripulante at ang mga residente sa mga pwerto ay pinangangalagaan laban sa di-tamang pamamalakad ng kalinisan, kalusugan at kaligtasan.

(b) Ang lisensyadong makinista sa pagbabapor ay magsusubaybay, mag-oobserba at magrerekord ng datos at impormasyong nauukol sa pagsasagawa at pamamalakad ng sasakyang-dagat na may-kinalaman sa mga makinerya, sa kalinisan at sa kalusugan, kasama ngunit hindi limitado sa mga tungkulin ng pagrerehistro, pagrereport, paggagawa at pagtatago ng rekord at pagbabawas na iniuutos ng batas estado at pederal.

(c)Ang anumang impormasyon na narekord o natipon ng lisensyadong makinista sa pagbabapor ay ipadadala nang maagap sa Alaska Department of Environmental Conservation [Kagawaran ng Konserbasyon ng Kaligiran ng Alaska] at sa United States Coast Guard sa isang form o sa isang paraang inaprobahan ng Commissioner of Environmental Conservation [Komisyoner ng Konserbasyon ng Kaligiran]. Maaaring ibunyag ng Komisyoner ang impormasyong natipon sa ibang mga ahensya ng estado at ng pamahalaang pederal.

**46.03.481. Paghahabla ng mga Mamamayan.** (a) Ang sinumang mamamayan ng Estado ng Alaska ay maaaring magsampa ng aksyong sibil

(1) laban sa isang may-ari o operator ng isang malaking pampasaherong sasakyang-dagat na pinaratangang lumabag sa anumang tadhana nitong kabanata, o

(2) laban sa kagawaran sa pagkakataong mayroong ipinaparatang na di-pagtupad sa anumang gawain o tungkulin ayon sa kabanatang ito na hindi batay sa pagpapasya. Walang aksyong sibil ang maaaring simulan ayon sa seksyong ito, ganoon pa man, nang una pa sa 45 araw pagkatapos makapagbigay ang naghahabla sa Attorney General ng Alaska ng nakasulat na paunawa ng intensyong maghabla.

(b) Batay sa paglalaan, kung kailangan, hanggang 50% ngunit hindi bababa sa 25% ng anumang multa, parusa o iba pang pondo na mababawi na bunga ng pagpapatupad ng kabanatang ito ay ibabayad sa tao o entidad, maliban sa akusado, na nagbibibay ng impormasyon na sapat upang makapagsimula ng imbestigasyon at ng pagpapatupad ng kabanatang ito alinsunod sa tadhanang ito.

* **Sek. 8.** Ang AS 46.03.480 ay binabago batay sa sumusunod:

**Sek. 46.03.480** Ang AS 46.03.480 ay binabago sa pamamagitan ng pagdagdag ng isang bagong seksyon upang magpakahulugang:
(d) Ang karagdagang babayarin sa halagang $4.00 para sa bawat tulugan ay ipinapataw sa lahat ng malalaking komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat, maliban sa mga sasakyang-dagat na pinangangasiwaan ng estado, para sa layunin ng pamamalakad ng programa ng Ocean Ranger na itinatag sa AS 46.03.476; ang tinutukoy na programa ay nasasklaw ng paglalaan ng lehislatura.

**Sek. 46.03.480(d)** Ang 46.03.480(d) ay ipapawalang-bisa at muling isasabatas bilang 46.03.480(e).

* **Sek. 9.** Ang AS 46.03.760 ay binabago batay sa sumusunod:

**Sek. AS 46.03.760** Ang AS 46.03.760 ay binabago sa pamamagitan ng pagdagdag ng isang bagong seksyon upang magpakahulugang:

(f) Ang isang may-ari, ahente, empeado o operator ng isang komersyal na pampasaherong sasakyang-dagat na itinakda sa AS 43.52.095 na magpalsipika ng rehistrasyon o ng report na iniuutos ng AS 46.03.460 o 46.03.475 o na lumabag o naging dahilan o nagpahintulot na lumabag sa isang tadhana na AS 46.03.250 – 46.03.314, 46.03.460 – 46.03.490, AS 46.14, o sa isang regulasyon, sa isang ligal na utos ng kagawaran, o sa isang permit, pagsang-ayon, o pagtanggap, o tadhana o kondisyon ng isang permit, pagsang-ayon, o pagtanggap na inisyu batay sa AS 46.03.250 – 46.03.314, 46.03.460 – 46.03.490, o AS 46.14 ay may pananagutan, sa isang aksyong sibil, sa estado ng halagang ipapataw ng korte na hindi bababa sa $5000 at hindi rin hihigit sa $100,000 para sa unang paglabag, at hindi hihigit sa $10,000 para sa bawat araw pagkatapos nito na patuloy ang paglabag, at iyon ay ipakikita, kapag naaangkop,

## PAGPAPATAW NG BUWIS, PAGPAPAILALIM SA REGULASYON AT SA PAGHAHAYAG NG MGA BARKONG PANG-CRUISE

(1) makatwirang bayad-pinsala sa pamamagitan ng kuwentadong bayad-pinsala para sa anumang masamang epekto sa kaligiran na naging resulta ng paglabag, na pagpapasyahan ng korte batay sa kung gaanong katoksiko, kung gaanong kabilis masira o malusaw sa pagkabulok at maghiwa-hiwalay at kumalat ang sangkap na binawas at tinapon, kung gaanong kabilis maapektuhan ang kaligiran ng pinagtapunang lugar, at kung gaanong kasama ang epekto ng sangkap na binawas at tinapon sa umiiral na kalanisan ng kaligiran; para sa paglabag na may-kinalaman sa AS 46.14, isasaalang-alang din ng korte, sa paggawa nito ng desisyon ayon sa parapong ito, kung gaanong kasama ang epekto ng sangkap na binawas at tinapon sa mga tao o ari-arian;

(2) makatwirang halagang nagugol ng estado sa pagtuklas, sa imbestigasyon, at sa pagtangkang iwasto ang paglabag;

(3) ang perang natipid ng tao sa di-pagsunod sa kautusan na siyang dahilan na pinaparatangan ng paglabag; at

(4) ang pangangailangan para sa mas mabigat na kaparusahang sibil upang pigilin ang di-pagsunod sa darating na panahon.

**Sek. 46.03.760(f)** Ang 46.03.760(f) ay ipapawalang-bisa at muling isasabatas bilang 46.03.760(g).

* **Sek. 10.** Ang AS 45.50.474 ay ipinawalang-bisa at muling isinabatas upang magpakahulugan ayon sa sumusunod:

**Sek. 45.50.474. Mga iniuutos na paghahayag ng mga promosyon at pagbebenta sa mga barkong pang-cruise ng mga nasa katihan.** (a) Hindi maaaring magsagawa ng promosyon ang isang taong nakalulan sa barkong pang-cruise na nagbabanggit o nagtatanghal ng isang negoysong nasa isang pwerto ng estado na nagbigay ng bagay na may-halaga bilang kabayaran para sa layuning babanggitin ang negosyo, itatampok o ipo-promote, maliban kung ang taong nagsasagawa ng promosyon ay malinaw at lubusang naghayag, sa salita at sa lahat ng nakasulat na material na gagamitin sa promosyon na ang mga itinampok na negosyo ay nagbayad para maisama sa promosyon. . Lahat ng nabanggit na nakasulat na paunawa ng paghahayag ay kailangang nakalimbag sa tipo na hindi liliit sa 14-point typeface at sa isang naiibang kulay na sadyang tumatawag ng atensyon sa paghahayag.

(b) Ang isang tao o ang ibang entidad na nakalulan sa barkong pang-cruise na nagsasagawa o nagbebenta ng mga tour,flightseeing, o iba pang gawain sa katihan na idedeliver ng isang nagtitinda o ng iba pang entidad sa isang lugar na hihintuan sa darating na panahon ay maghahayag, kapwa sa salita at sa kasulatan, kung anong halaga ng komisyon o kung anong porsyento ng kabuuang benta ang nanatili o isinauli sa taong nagbebenta. Ang tao o entidad na nakalulan sa barkong pang-cruise na nagsasagawa o nagtatangkang magsagawa ng pagbebenta ng mga serbisyo o mga paninda na ipinagkaloob ng isang nagtitindang nasa katihan, kapag tinanong ng isang consumer, ay maghahayag ng address at numero ng telepono ng nagtitindang nasa katihan. Lahat ng nabanggit na nakasulat na paunawa ng paghahayag ay kailangang nakalimbag sa tipo na hindi liliit sa 14-point typeface at sa isang naiibang kulay na sadyang tumatawag ng atensyon sa paghahayag.

(c) Ang bawat paglabag sa seksyong ito ay isang di makatwirang pamamalakad sa negosyo ayon sa AS 45.50.471, at mauuwi sa kaparusahang hindi hihigit sa $100 para sa bawat paglabag. Sa seksyong ito, ang kahulugan ng "barkong pang-cruise" ay isang barko na naglalayag nang 48 oras man lamang ang tagal para sa mga may tiket na pasahero, na nagkakaloob ng mga panuluyan sa magdamag at mga pagkain para sa 250 man lamang na pasahero, pinangangasiwaan ang isang autorisadong operator ng barkong pang-cruise, at sertipikado ayon sa International Convention for the Safety of Life at Sea o kung di kaya, sertipikado ng United States Coast Guard.

* **Sek. 11.** Pagkamaihihiwalay.Layunin ng mga mamamayan ng Alaska na ang anumang bahagi nitong lehislasyon na idedeklarang labag sa batas ay kakaltasin sa pamamaraang magpapanatili sa nalalabing bahagi ng nalalabing lehislasyon kung hanggang saan maaari.

* **Sek. 12. Petsa ng Pagkakabisa.** Ang batas na ito ay magkakabisa pagkalipas ng 90 araw matapos itong isabatas.



*Ang teksto nitong panukalang-batas ay inilalahad na katulad ng isinumite ng mga may-panukala sa petisyon.*

# Panukalang-Batas 2 sa Balota

## PAGPAPATAW NG BUWIS, PAGPAPAILALIM SA REGULASYON AT SA PAGHAHAYAG NG MGA BARKONG PANG-CRUISE

### PAHAYAG NG PAGTANGKILIK

**Ang mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise ay dapat sumunod sa mga tuntunin ng Alaska hinggil sa buwis at pollution tulad ng lahat.** Pinangangalagaan ng inisyatibang ito ang ating mga pangisdaan at tumutulong na bayaran ang mga epekto ng mga barkong pang-cruise sa mga pamayanan ng Alaska sa pamamagitan ng pagtatalaga/pag-uutos ng:

1. **$50 buwis sa pasahero** - Ang mga taga-Alaska ay nagbabayad ng mga buwis sa turismo kapag nagbibiyahe sa labas ng estado at ang mga nagsasariling turista ay nagbabayad ng buwis sa inuupahang kotse at panuluyan sa Alaska. Ang mga pasahero ng cruise ay nagbabayad nang maluwag sa kalooban ng mga katulad na babayarin sa buong mundo. Ang karaniwang cruise, kasama ang mga tiket, pamasahe sa eroplano, pamimili, mga tour, pagsusugal, at inuming-may-alkohol, ay nagkakahalaga ng mahigit sa $3000. <u>Ang $50 na bayarin ay hindi magiging dahilan na pipiliin ng mga tao ang isang cruise sa New Jersey - samakatwid hindi magkakaroon ng negatibong epekto sa ekonomyang panturismo ng Alaska.</u> Iniuutos ng batas pederal na ang mga pondo ay gagastusin sa "pagserserbisyo sa industrya," halimbawa, sa pagmamantini ng mga infrastructure ng mga pwerto at daungan. Ang buwis na ito ay tutulong na TANGKILIKIN ang ekonomyang panturismo ng Alaska. Ang mga pamayanang higit na gusto ang sarili nilang programa ng buwis ay may opsyong umalis sa programa ng buong estado.

2. **Masapatan Ang Mga Pamantayan ng Kalinisan ng Tubig sa Alaska.** - Kailangan ng mga taga-Alaska ang malinis na tubig at malulusog na isda. <u>Ang mga barkong pang-cruise ay ang nag-iisang pangunahing polluter na hindi kailangang magkaroon ng permit sa pagbabawas at hindi kailangang tumupad sa LAHAT ng mga pamantayan ng Alaska sa kalinisan ng tubig.</u> Lahat ng ibang negosyo ay may permit; hindi kailangan ang bagong programa para sa pagbibigay ng permit. Halos lahat ng pangunahing negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise ay may mga kombiksyon sa kasalanang felony na pagtatapon, na pakikialam at pagbabago sa mga kasangkapang pangontrol ng pollution, o na pagpapalsipika ng mga dokumento sa Coast Guard. Ang inisyatibang ito ay magdidestino sa bawat barko ng isang obserbador na makinista sa pagbabapor na may kasarinlan (babayaran sa pamamagitan ng buwis sa pasahero) upang subaybayan ang pagbabawas, inspeksyunin ang kasangkapan, at beripikahin ang mga nakalista sa logbook. Napatunayan na ng mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise na hindi sila mapagkakatiwalaang tumulong na panatilihing malinis at nakabubuhay ang karagatan ng Alaska.

3. **Itigil ang pag-iwas sa pagbabayad ng buwis** - Lahat ng mga legal na pagpapasugal sa Alaska, maliban sa mga barkong pang-cruise, ay nagbabayad ng 1/3 ng kanilang tubo sa kawanggawa o sa buwis. Walang ibinabayad ang mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise sa kanilang matubong pamamalakad ng casino sa Alaska. Ang mga korporsayon sa Alaska ay nagbabayad ng Buwis sa Kita ng Korporasyon. Naglobi ang industrya ng paglalayag upang makakuha ng isang pasadyang eksemsyon sa buwis sa kita para sa kikitain mula sa mga barkong nakarehistro sa iba<u>ng bansa, at pinahintulutan ito ng pamahalaan. Alinsunod sa inisyatiba, ang mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise ay magbabayad ng parehong buwis na binabayaran ng mga lokal na negosyo at ng mga sasakyang-dagat na nakarehistro sa U.S. sa kanilang kita at mga tubo sa pagpapasugal.</u>

4. **Tangkilikin ang mga lokal na negosyo** - Buhat ng 1994, iniuutos ng batas ng Alaska sa mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise na ihayag sa mga pasahero, nang pasalita at sa kasulatan, kapag sila ay tumanggap ng mga komisyon para sa pagpo-promote ng mga tour/negosyo na nasa katihan ang punong tanggapan. Ang mga promosyon ng mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise ay ipinalalabas na "payo" ngunit sa katotohanan "anunsyo" ang mga ito. Ito ay hindi makatwiran sa mga lokal ng negosyo na hindi kayang magbayad ng mga labis na mataas na komisyon ng pag-aanunsyo. Ang inisyatibang ito ay mag-uutos sa mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise na ihayag kung gaanong kalaki ang kanilang komisyon, na makatutulong sa mga lokal na negosyo na makipagkumpitensya para sa mga dolyar na galing sa turismo. Walang kailangang ireport ang alinmang lokal na negosyo.

**Ang Alaska ay "binebenta" ng mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise - habang naaapektuhan ang ating mga daungan, mga kalsada, mga pasilidad na pampubliko, mga hayop-gubat, at ang kahusayan ng ating buhay, Walang gagawin ang inisyatibang ito upang pahintuin ang mga bisita sa pagparito; tutulong ito na panatilihing buhay at malakas ang ating industrya ng turismo habang pinangangalagaan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga taga-Alaska. Ang mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise na may mga punong tanggapan sa Miami/Vancouver ay kumikita nang bilyun-bilyon sa pamamagitan ng pagrerehistro ng kanilang mga barko sa mga bansang hindi maunlad [third world countries] upang umiwas sa pagbabayad ng mga buwis sa kita at ng mga pasahod ng U.S. <u>Kayang-kaya ng mga negosyong may-ari ng mga barkong pang-cruise na sumunod sa mga tuntunin ng Alaska tulad ng lahat.</u>**

**Mangyaring iboto ang OO sa Panukalang-Batas 2!**

PAGLALAYAG NA MAY- PANANAGUTAN SA ALASKA

Gershon Cohen
Haines, Alaska

Joe Geldhof
Juneau, Alaska

*The statement printed on this page is the opinion of the author(s) and is presented as submitted to the Division of Elections.*

# Panukalang-Batas 2 sa Balota

## PAGPAPATAW NG BUWIS, PAGPAPAILALIM SA REGULASYON AT SA PAGHAHAYAG NG MGA BARKONG PANG-CRUISE

### PAHAYAG NG PAGTUTOL

**Iboto ang "Hindi"  sa Panukalang-Batas 2!**

Mahal kong mga kapwa taga-Alaska,

Ang Panukalang-Batas 2 sa Balota ay tuwirang atake sa ekonomya ng Alaska. Mapipinsala ang ating industrya ng turismo - isang umuunlad na industrya at ika-4 na pinakamalaking employer ng mga taga-Alaska. Hindi kasagutan ang karagdagang buwis, mga mawawalang trabaho at mas maraming pagdedemanda sa Alaska. **Nararapat na iboto ang "Hindi" sa Panukalang-Batas 2 sa Agosto 22.**

Ang Alaska State Chamber of Commerce, ang Anchorage Chamber of Commerce, ang Lungsod ng Fairbanks, ang Associated General Contractors of Alaska, ang Southeast Conference, ang Alaska Travel Industry Association, ang Resource Development Council, ang Juneau Chamber of Commerce, ang Lungsod ng Skagway at ang Ketchikan Chamber of Commerce at ang ilang daan pa ay **tutol lahat sa Panukalang-Batas 2 dahil masama ito para sa Alaska.**

Ang Panukalang-Batas 2 ay:

**Mag-aatas ng apat na karagdagang bagong buwis kasama ang isang buwis na iiral sa buong estado na magbubuwis sa bawat tao sa halagang $50 ang isang tao, $100 ang dalawang magkasamang tao, at $200 ang isang karaniwang pamilya na apat na tao.** Ang tumataas na presyo ng langis ay nagtutulak nang pataas sa mga gastos upang mabuhay, na nakapagpaliit ng budget ng lahat ng mga biyahero. Ang pagpataw ng karagdagan pang buwis at babayarin, na idaragdag pang muli sa mga karagdagang gastos sa pagbibiyahe ay magiging dahilan ng di pagparito ng mga turista at makasasama sa ating ekonomya imbes na makatutulong.

**Ipipilit ang paghahayag ng mga kompidensyal na impormasyong pangnegosyo tungkol sa mga lokal na maliliit na negosyo sa Alaska sa mga kakompitensya, kasama pati iyong mga nasa 48 estadong nasa bandang ibaba.** Walang ibang negosyo sa Alaska ang inaatasang magpahayag ng ganitong uri ng impormasyon. Ang pilit na paghahayag ay makababawas sa pagbili nang adelantado sa mga tour at mga excursion, nakapipinsala sa mga negosyo ng alaska.

**Magpapamahal sa mga gastos at magiging hadlang sa turismo sa Alaska.** Milyun-milyong dolyar na ang ibinabayad ng mga turista sa mga buwis at mga babayarin sa kanilang mga tiket sa eroplano, mga hotel, mga restauran, mga tour at pamimili. At saka mahigit sa 26,000 na lokal na trabaho ang naibibigay ng industrya ng turismo, na nakadaragdag ng  milyun-milyong dolyar sa ating masiglang ekonomya. Ang Panukalang-batas 2 ay magpapamahal sa mga gastos, magiging hadlang sa turismo at magbabawas sa mga mamimili at gagasta sa ating mga lokal na negosyo.

**Magbibigay ng pagkakataong walang hadlang at lilikha ng mga bagong motibo para sa mga abogado na magsampa ng mga kasong panghaharang.** Ang mga abogado ay mapahihintulutang magsampa ng mga kaso at kumolekta ng hanggang 50% ng mga multang makokolekta. Pipila ang mga abogadong taga-ibang estado at  dadagsaan ng mga kasong walang gaanong kabuluhan ang mga korte ng Alaska. Pahihintulutan pa rin ng Panukalang-batas ang mga indibidwal na magdemanda sa estado ng Alaska.

**Magdaragdag sa patong ng burukratikong red tape, sa burukrasya at laki ng pang-estadong pamahalaan sa Alaska.** Ang Panukalang-Batas 2 ay lilikha ng bagong patong ng burukrasya sa estado, red tape, mga papeles na kailangang asikasuhin at mga di-kailangang regulasyon ng pamahalaan na wala namang ibinibigay na karagadagang pakinabang sa mga taga-Alaska o sa kaligiran. Walang nalulutas sa pagdagdag sa dami ng mga bukurata sa estado, sa halagang nagugugol ng pamahalaan ng estado, at sa patong-patong na red tape.

Ang turismo ay isang industrya sa Alaska na mahigit sa $2 bilyong dolyar. Ang pag-aatake sa industrya ng turismo sa pamamagitan ng Panukalang-Batas 2 at ang pagtatangkang magpatibay ng karagdagang buwis, ng mga regulasyon ng pamahalaan na di-kailangan at paulit-ulit ang salita, at ng mga hadlang sa turismo ay maling hakbang.

Hindi solusyon ang pagsasapanganib sa ekonomya ng Alaska, sa mahigit na 26,000 lokal na trabaho at sa libu-libong maliliit na negosyo sa buong estado.

Iniendoso rin ang sulat na ito: Alkalde Bob Weinstein, Lungsod ng Ketchikan; Chris Anderson, ORSO at Glacier BrewHouse - Anchorage

**Iboto ang "Hindi" sa Panukalang-Batas 2 sa Balota**

Carol Fraser
Aspen Hotels of Alaska

Steve Frank
Rivers Edge Resort sa Fairbanks

Marc Langland
Pangulo, Fiscal Policy Council of Alaska



*The statement printed on this page is the opinion of the author(s) and is presented as submitted to the Division of Elections.*

# Pagboto nang Absentee

## Nang Personal/Sa Pamamagitan ng Koreo/Sa Pamamagitan ng Fax/Pagboto Ng Mga Taong May Natatanging Pangangailangan

**PANGKALAHATANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGBOTO NANG ABSENTEE**
Alinsunod sa batas ng Alaska, ang kahit sinong botante para sa anumang dahilan ay pwedeng bumoto bago ang Araw ng Eleksyon. Pwede kayong bumoto nang absentee nang personal, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng fax o bumoto sa pamamagitan ng inyong kinatawan, sa isang balota na para sa mga taong may natatanging pangangailangan.

**ABSENTEE NANG PERSONAL**
Simula **Agosto 7, 2006**, pwede na kayong bumoto nang absentee nang personal sa alinman sa mga pangrehyong tanggapan ng mga eleksyon o sa mga ibang lugar ng botohan na itinatag ng Dibisyon ng mga Eleksyon. Makukuha sa lahat ng pangrehyong tanggapan ng mga eleksyon ang mga balota para sa lahat ng 40 distrito. Ang mga opisyal para sa pagboto nang absentee ay makapagbibigay lamang ng mga balota para sa kanilang distrito. Pwedeng bumoto nang absentee nang personal sa mga istasyong ito sa Araw ng Election.

**ABSENTEE SA PAMAMAGITAN NG KOREO**
Ang mga aplikasyon para sa balotang absentee ay makukuha at pwedeng isumite pagkaraan ng Enero 1 ng bawat taon, hanggang sa 10 araw bago ang bawat eleksyon para sa anumang mga eleksyon ng estado sa taong iyon. Pwede kayong humiling ng balota para sa isang partikular na eleksyon o para sa lahat ng eleksyon sa taon. Upang makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo, kailangan muna kayong magpadala ng aplikasyon para malaman kung talagang kayo ay nakarehistrong bumoto. **Mag-aplay nang maaga para matiyak na matatanggap ninyo ang balota sa hustong panahon.** Ang lahat ng mga aplikasyon para sa balotang absentee ay kailangang matangga ng **HINDI KUKULANGIN SA 10 ARAW** bago ang eleksyon. Kailangang may tatak-koreo sa petsa ng Araw ng Eleksyon o bago sa petsang ito ang mga binotohang balotang absentee sa pamamagitan ng koreo.

**ABSENTEE SA PAMAMAGITAN NG FAX**
Ang pagboto nang absentee sa pamamagitan ng fax ay dapat na ang inyong huling opsyon sa paraan ng pagboto sa inyong balota. Pwede kayong mag-aplay para sa balotang absentee sa pamamagitan ng fax simula Agosto 7, 2006 sa pagsagot sa isang aplikasyon para sa pagboto sa pamamagitan ng fax. Kailangang matanggap ang inyong aplikasyon bago mag 5:00 ng hapon sa Agosto 21, 2006 o bago sa petsang ito. Kung piliin ninyong i-fax ang balotang may-boto ninyo, kusang-loob ninyong pinauubaya ang parte ng inyong karapatan sa lihim na balota. **Pwedeng i-fax ang mga balotang may-boto bago ang 8:00 ng gabi AST sa Araw ng Eleksyon at pwede rin itong ipadala sa koreo ng may tatak-koreo sa petsa ng Araw ng Eleksyon o bago sa petsang iyon.**

**PAGBOTO NG MGA TAONG MAY MGA NATATANGING PANGANGAILANGAN**
Ang isang kwalipikadong botante na hindi makapupunta sa presinto ng botahan dahil sa kanyang edad, dahil mayroon siyang malubhang sakit o dahil sa kanyang kapansanan ay pwedeng mag-aplay sa pamamagitan ng kanyang hinirang na kinatawan, ng balotang para sa mga taong may natatanging pangangilangan. Ang isang hinirang na kinatawan ay ang kahit sinong higit sa 18 taong gulang, maliban ang isang kandidato sa isang tungkulin sa eleksyon, ang pinagtatrabahuhan ng botante, ang isang ahente ng pinagtatrabahuhan ng botante, o ang isang opisyal o ahente sa unyon ng botante. Ang hinirang na kinatawan ay pwedeng kumuha ng balota para sa botante simula Agosto 7, 2006 hanggang Agosto 22, 2006 sa alinmang pangrehyong tanggapan ng mga eleksyon o sa alinmang lugar para sa pagboto nang absentee. At pwede ring makuha sa mga presinto sa Araw ng Eleksyon ang mga balotang para sa mga taong may mga natatanging pangangailangan.

Kontakin ang alinmang tanggapan ng Dibisyon ng mga Eleksyon para makakuha ng aplikasyon na para sa pamamagitan ng koreo o para sa pamamagitan ng fax. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto nang personal at sa pagboto ng mga taong may mga natatanging pangangailangan, kontakin ang pangrehyong tanggapan ng mga eleksyon na pinakamalapit sa inyo. Ang impormasyon tungkol sa pagboto nang absentee ay makukuha rin online sa:

**http://www.elections.state.ak.us**

**IKOREO O I-FAX ANG SINAGUTAN NINYONG APLIKASYON PARA SA BALOTANG ABSENTEE SA PAMAMAGITAN NG KOREO SA:**

**DIVISION OF ELECTIONS**
**ABSENTEE VOTING SECTION**
**619 E. SHIP CREEK AVE. #329**
**ANCHORAGE, ALASKA 99501-1677**
**TELEPONO: (907) 375-6400 - FAX: (907) 375-6480**

# Ang Araw ng Primaryang Eleksyon ay Agosto 22, 2006

**Bukas ang mga presinto mula 7:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi sa Araw ng Eleksyon. UPANG MALAMAN ANG LOKASYON NG PRESINTONG PAGBOBOTOHAN NINYO, MANGYARING TAWAGAN ANG 1-888-383-8683. SA ANCHORAGE, MANGYARING TAWAGAN ANG 269-8683. Pinaliliwanag ng sumusunod na impormasyon ang mga mahalagang karapatan ng pagboto at makatutulong sa mga botanteng may mga natatanging pangangailangan.**

Ang impormasyon tungkol sa eleksyon ay makukuha rin sa website ng Dibisyon ng mga Eleksyon sa:
**http://www.elections.state.ak.us**

**TULONG SA PANAHON NG PAGBOTO**
Kung kayo ay nahihirapang bumoto dahil sa inyong kapansanan, nahihirapang magbasa o magsulat sa Ingles, o kung sa anumang dahilan ay nahihirapan kayong bumoto, pwede kayong magsama ng taong tutulong sa inyo sa presinto. Pwedeng sumama sa loob ng voting boothe ang taong ito at tulungan kayong bumoto. Pwedeng ang taong ito ay isang opisyal sa eleksyon, kapamilya,, kaibigan isang taong nasa presinto, tauhan sa kampanya, o kahit sino na hindi isang kandidato sa isang tungkulin sa eleksyon, ang pinagtatrabahuhan ng botante, isang ahente ng pinagtatrabahuhan ng botante, o isang opisyal o ahente sa unyon ng botante. Karapatan ninyo ito alinsunod sa batas pederal.

**MGA BOTANTE NA HINDI MARUNONG MAGSALITA NG INGLES:**
May makukuhang tulong sa mga wikang Katutubong Alaska at sa Tagalog sa maraming lugar ng botohan sa buong estado. Ipagbigay alam nang pauna sa Dibisyon ng mga Eleksyon kung kakailanganin ninyo itong tulong sa panahon ng inyong pagboto.

**MGA BOTANTE NA MAHINA ANG PANDINIG**
Ang Dibisyon ng mga Eleksyon ay may aparatong TTY na mapagkukunan ng mga pangkalahatang impormasyon tungkol sa eleksyon, ng mga botante na mahina ang pandinig sa pagtawag sa (907) 465-3020.

**MGA BOTANTE NA MAHINA ANG PANINGIN:**
Ang magnifying ballot viewer para sa mga mahina ang paningin ay makukuha sa lahat ng mga lugar ng botohan at sa mga lugar para sa pagboto nang absentee, karagdagan sa mga touch screen machine, na nagbibigay ng mga balota na nasa malalaking titik, mga balotang high contrast at mga balotang naririnig.

Ang mga audio tape recording ng **Pamplet Ng Botante Para Sa 2006 na Primaryang Eleksyon** ay makukuha sa Talking Book Center ng Aklatan ng Estado ng Alaska, sa Anchorage. Tawagan ang aklatan sa (907) 269-6575 para sa impormasyon.

**MGA BOTANTE NA MAY KAPANSANAN SA KATAWAN:**
Kung kayo ay nahihirapang makapasok sa lugar na inyong pagbobotohan, o kung may mga katanungan kayo tungkol sa kung makakapasok kayo sa lugar na inyong pagbobotohan, mangyaring ipagbigay-alam ang mga ito sa Dibisyon ng mga Eleksyon. Ginagawa namin ang lahat ng pagsisikap upang tiyaking mapapasukan ng lahat ng taga-Alaska ang mga lugar ng botohan.

**MGA PAGBOTO NANG ABSENTEE SA PANAHON NG EMERGENCY**
Kung kayo ay hindi makaboboto sa inyong lugar ng botohan para sa Primaryang Eleksyon at wala kayong panahon na mag-aplay para sa balotang absentee sa pamamagitan ng koreo o para bumoto nang absentee nang personal, maaaring pwede kayong bumoto sa pamamagitan ng fax. Ang panahon sa pag-aplay para i-fax ang balotang may-boto ninyo ay magsisimula sa sa **Agosto 7, 2006** at kailangang natanggap ang mga aplikasyon bago mag 5:00 ng hapon AST sa **Agosto 21, 2006.**

**KUNG MAY MGA KATANUNGAN KAYO O KUNG NAIS NINYO NG KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA AMING MGA NATATANGING SERBISYO, MANGYARING KONTAKIN ANG ALINMANG PANGREHYONG TANGGAPAN NG MGA ELEKSYON.**

| | | |
|---|---|---|
| **Rehyon I** | **JUNEAU: (907) 465-3021** | **KENAI: (907) 283-3805** |
| **Rehyon II** | **ANCHORAGE: (907) 522-8683** | **MAT-SU: (907) 373-8952** |
| **Rehyon III** | **FAIRBANKS: (907) 451-2835** | |
| **Rehyon IV** | **NOME: (907) 443-5285** | |

# Pag-unawa Sa Ballot Rotation [Pagbabago ng Ayos sa Pagkakasunud-sunod ng Pangalan sa Balota] para sa 2006

Para sa 2006 na Primaryang Eleksyon, pagbobotohan sa eleksyon ang mga sumusunod na labanan; Kongresista ng Estados Unidos, Gobernador, Pangalawang Gobernador, 10 Distritong Pangsenado ng Estado at 40 Distritong Pangkapulungan ng Estado.  Ibabatay ang lahat ng ballot rotation sa Distritong Pangkapulungan ng Estado.

Ilalagay sa unang balota (Distritong Pangkapulungan 1) sa ayos ng alphabet ang mga kandidato para Kongresista ng Estados Unidos, Gobernador at Pangalawang Gobernador.  Tapos, simula sa balota ng Distritong Pangkapulungan 2, babaguhin ang ayos ng mga pangalan ng mga kandidato at ang kandidatong nasa taas ay ililipat sa baba ng labanan at tataas ng isang pwesto ang lahat ng ibang kandidato.  Mag papatuloy itong rotation sa lahat ng 40 balota ng Distritong Pangkapulungan ng Estado.

Ang bawat Distritong Pangsenado ng Estado ay binubuo ng dalawang Distritong Pangkapulungan ng Estado.  Para sa 10 mga labanan sa Senado ng Estado, pipiliin nang ala-suerte ang mga letra sa alphabet para alamin kung sa paanong kaayusan ilalagay ang mga kandidato sa unang balota ng Distritong Pangkapulungan ng Estado.  Para sa ikalawang Distritong Pangkapulungan ng Estado, na lumilitaw ang Distritong Pangsenado ng Estado, babaguhin ang ayos ng mga pangalan ng mga kandidato at ang kandidatong nasa taas ay ililapat sa baba ng labanan at tataas ng isang pwesto ang lahat ng ibang kandidato.

Para sa mga labanan ng 40 Distritong Pangkapulungan ng Estado, pipiliin nang ala-suerte ang mga letra sa alphabet para alamin kung sa paanong kaayusan ilalagay ang mga kandidato sa balota ng Distritong Pangkapulungan ng Estado.

Magkakaroon ng isang pagpipili nang ala-suerte ng mga letra sa alphabet para sa mga labanan sa Distritong Pangsenado ng Estado at sa Distritong Pangkapulungan ng Estado.

Estado ng Alaska - Dibisyon ng mga Eleksyon
Opisyal na Balota
**Distritong Pangkapulungan 1**

**Kongresista ng Estados Unidos**
m Apple, Joe
m Banana, Mary

**Gobernador o Pangalawang Gobernador**
m Arctic, Jones
m Barrow, Margaret

**Distritong Pangsenado A ng Estado**
m Jackson, Henry
m Darby, Meghan

**Distritong Pangkapulungan 1 ng Estado**
m Jack, Shelly
m Queen, Whitney

Estado ng Alaska - Dibisyon ng mga Eleksyon
Opisyal na Balota
**Distritong Pangkapulungan 2**

**Kongresista ng Estados Unidos**
m Banana, Mary
m Cantaloupe, Susie

**Gobernador o Pangalawang Gobernador**
m Barrow, Margaret
m Caribou, Jamie

**Distritong Pangsenado A ng Estado**
m Darby, Meghan
m Wakefield, Sandie

**Distritong Pangkapulungan 2 ng Estado**
m Glenn, Marty
m Arrow, Don

Estado ng Alaska - Dibisyon ng mga Eleksyon
Opisyal na Balota
**Distritong Pangkapulungan 3**

**Kongresista ng Estados Unidos**
m Cantaloupe, Susie
m Apple, Joe

**Gobernador o Pangalawang Gobernador**
m Barrow, Margaret
m Caribou, Jamie

**Distritong Pangkapulungan 3 ng Estado**
m O'Malley, Grace
m Minnesota, Rachel

**STATE OF ALASKA**
Division of Elections
P.O. Box 110017
Juneau, Alaska 99811-0017

**NON-PROFIT ORGANIZATION**
**US POSTAGE**
**PAID**
**DIVISION OF ELECTIONS**

**UPANG MALAMAN ANG PRESINTO NA INYONG PAGBOBOTAHAN TAWAGAN ANG 1-888-383-8683**
**Sa Anchorage: 907-269-8683**

## TELEPONO NG MGA PANGREHYONG TANGGAPAN NG MGA ELEKSYON:

**Region I Elections Office**
**(House Districts 1-5, 33-36)**
9109 Mendenhall Mall Road, Suite 3
P.O. Box 110018
Juneau, Alaska 99811-0018
Phone: (907) 465-3021

**Kenai Elections Office**
11312 Kenai Spur Highway,
Suite 45
Kenai, Alaska 99611
Phone: (907) 283-3805

**Region III Elections Office**
**(House Districts 6-12)**
675 7th Avenue, Suite H-3
Fairbanks, Alaska 99701-4594
Phone: (907) 451-2835

**Region II Elections Office**
**(House Districts 13-32)**
2525 Gambell Street, Suite 100
Anchorage, Alaska 99503-2838
Phone: (907) 522-8683

**Matanuska-Susitna Elections Office**
North Fork Professional Building
1700 E. Bogard Road, Suite B102
Wasilla, Alaska 99654
Phone: (907) 373-8952

**Region IV Elections Office**
**(House Districts 37-40)**
Alaska State Office Building
103 Front Street
P.O. Box 577
Nome, Alaska 99762-0577
Phone: (907) 443-5285

Makukuha rin ang impormasyon tungkol sa Eleksyon sa Internet homepage ng Dibisyon ng mga Eleksyon:
http://www.elections.state.ak.us